epublika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Cordillera Administrative Region
DIBISYON NG BAGUIO
#82 Military Cut-off Road, Baguio City

DIVISION OF BAGUIO CITY
OCT 21 2016
RELEASED

**Memorandum Pandibisyon blg. 344 ,s. 2015**

Oktubre 21, 2016

**Pandibisyong Paligsahan sa Ispeling: Iispel:Mo!**

Para sa : Pandistritong Superbisor ng Publikong Paaralan
Pinuno/Punong-Guro, Ulong-Guro
ng Pampubliko at Pribadong Paaralan sa Elementarya

1. Bilang pagtalima sa **DepED Advisory Blg. 213,s. 2016 PAMBANSANG PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO!** NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO. Ang Pandibisyong eliminasyon ay isasagawa sa Bulwagan ng Dibisyon sa ganap na Ika-8:00 ng umaga, sa ika-14 ng Nobyembre 2016. Samantalang ang Panrehiyong eliminasyon ay isasagawa sa Bulwagan ng RNEAP, DepEd CAR sa Nobyembre 18, 2016.

2. Ang mga layunin ng Paligsahan ay ang sumusunod:
   a. patuloy na maitaguyod ang paligsahang lilinang sa kakayahan ng mga magaaral patungo sa pagpapataas ng antas ng kalidad ng wikang Filipino;
   b. malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong ispeling ng mga salita na sumusunod sa bagong ortograpiyang pambansa; at
   c. isang paraan ito ng malawakang pagpapalaganap ng mga napapanahong kaalaman sa wikang Filipino.

3. Ang mga kalahok sa nasabing kompetisyon:

   a. Isa lamang ang kinatawan ng bawat distrito na magmumula sa ika - 6 na Baitang.

4. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

**ATTY. AUGUSTIN P. LABAN III**
OIC-Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay

DepEd Advisory No. 213 , s. 2016
August 11, 2016
In compliance with DepEd Order No. 8, 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
*(Visit www.deped.gov.ph)*

## PAMBANSANG PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO! NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), sa pakikipagtulungan ng Kapisanan ng Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL), ay magdaraos ng *Pambansang Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo!* mula sa buwan ng Agosto hanggang sa buwan ng Nobyembre, 2016, sa lahat ng mga mag-aaral sa pampubliko at pampribadong mga paaralan sa antas elementarya na nasa Baitang 6 sa 18 na mga rehiyon sa bansa.

Ang implementasyon ng proyekto ay sa pagtutulungan ng KWF at KASUGUFIL at pangangasiwaan ng Sangay ng Salin ng KWF at Kalupunan ng mga Direktor ng KASUGUFIL. Ang Kalupunan ng mga Direktor ay binubuo ng mga superbisor at guro sa Filipino sa iba't ibang rehiyon. Ang kalupunan ng mga direktor at kasapi ng KASUGUFIL ang mangangasiwa sa *monitoring* ng pagdaraos ng paligsahan sa lebel ng dibisyon at rehiyonal. Samantala, ang pamunuan ng KASUGUFIL at ng KWF ang mangangasiwa sa *national level* ng paligsahan.

Ang mga layunin ng Paligsahan ay ang sumusunod:

1. patuloy na maitaguyod ang paligsahang lilinang sa kakayahan ng mga mag-aaral patungo sa pagpapataas ng antas ng kalidad ng wikang Filipino;
2. malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong ispeling ng mga salita na sumusunod sa bagong ortograpiyang pambansa; at
3. isang paraan ito ng malawakang pagpapalaganap ng mga napapanahong kaalaman sa wikang Filipino.

Hinihikayat ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa Baitang 6 sa tulong at suporta ng mga guro, superbisor, at tagapamanihala ng mga paaralan sa bawat sangay ng 18 na mga rehiyon sa buong bansa.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan alin man sa mga sumusunod:

- Bb. Sandor B. Abad
  Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
  2/P, Gusaling Watson
  1610 Jose P, Laurel Street, San Miguel, Manila 1005
  Telepono: (02) 736-2525, lokal 107
  Mobile Phone: 0908-697-8491
  Email: sandorabad1210@gmail.com

- Bb. Gloria I. Alday
  Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL)
  Telepono: (02) 443-1860
  Mobile Phone: 0998-860-6104

mvec/Pambansang Paligsahan sa Ispeling: IISPEL MO!
0529- Augusto 3/5, 2016